

Oktubre 2, 2022

## **Mga pagbabago sa iyong planong pangkalusugan sa 2023**

Minamahal na Miyembro,

**Ang Santa Clara Family Health Plan Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) (SCFHP Cal MediConnect Plan) ay magiging Santa Clara Family Health Plan DualConnect (HMO D-SNP) (SCFHP DualConnect) sa Enero 1, 2023.** Maliban kung magpapalit ka ng mga plano, ang SCFHP DualConnect ang magbibigay ng iyong mga benepisyo sa Medicare. Makikipagtulungan ito sa katugmang Medi-Cal Managed Care Plan upang ibigay at isaayos ang iyong mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal at mga inireresetang gamot ng Medicare sa pamamagitan ng isang organisasyon upang isaayos ang iyong mga benepisyo. Ang mga planong ito, kapag pinagsama, ay tatawaging Medicare Medi-Cal Plan ("Medi-Medi"). Maipagpapatuloy mo ang lahat ng iyong benepisyo sa Medicare at Medi-Cal. **Hindi ka magkakaroon ng pansamantalang paghinto sa iyong coverage.** Kung gusto mong magbago ng mga plano at pumili ng ibang planong pangkalusugan ng Medicare, basahin ang iyong mga opsiyon sa pahina 2 hanggang 4.

Awtomatiko kang maipapatala sa SCFHP DualConnect at wala kang kailangang gawin upang mapanatili ang mga serbisyo ng ito.

Ang SCFHP DualConnect ay halos kapareho ng iyong kasalukuyang plano sa Cal MediConnect. Sa SCFHP DualConnect, magkakaroon ka pa rin ng tagapag-ugnay ng pangangalaga sa SCFHP DualConnect para makakuha ng tulong para sa iyong mga pangangailangan.

Hindi ka magbabayad ng premium, o magbabayad para sa mga pagpapatingin sa doktor o iba pang pangangalagang medikal kung pupunta ka sa provider na nakikipagtulungan sa aming planong pangkalusugan. Upang matuto nang higit pa tungkol sa iyong mga gastos sa inireresetang gamot, tawagan ang Serbisyo para sa Mamimili ng SCFHP.

Upang malaman kung ang iyong PCP o iba pang provider ay nasa aming network sa 2023, tawagan ang Serbisyo para sa Mamimili ng SCFHP DualConnect.

Upang matuto nang higit pa, basahin ang *Abiso sa Karagdagang Impormasyon (Notice of Additional Information)*. Kasama ito sa liham na ito.

Basahin ang nasa ibaba upang matuto nang higit pa tungkol sa SCFHP DualConnect at iba pang pagpipilian para sa iyo.

## **Anong mga serbisyo ang sasaklawin ng aking Medicare Medi-Cal Plan?**

Sasaklawin ng SCFHP DualConnect ang marami sa mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal na nakukuha mo ngayon, kabilang ang:

- Lahat ng nasasaklaw na serbisyo ng Medicare, kabilang ang mga doktor, ospital, laboratoryo, at x-ray
- Magkakaroon ka ng access sa network ng provider na kinabibilangan ng marami sa mga provider na katulad ng sa iyong kasalukuyang plano
- Mga inireresetang gamot na saklaw ng Medicare
- Pagsasaayos ng mga serbisyong nakukuha mo ngayon o na maaaring kailanganin mo
- Transportasyon patungo sa mga serbisyong medikal
- Mga medikal na supply
- Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment, DME)
- Pangangalaga sa nursing home
- Mga Serbisyong Nasa Komunidad para sa Mga Nasa Hustong Gulang (Community-Based Adult Services, CBAS)
- Mga Suporta sa Komunidad

Sa Disyembre, padadalhan ka ng SCFHP DualConnect ng bagong ID card ng miyembro. Dapat ay natanggap mo na ang iyong Taunang Abiso sa mga Pagbabago (Annual Notice of Changes, ANOC), liham hinggil sa ANOC, at mga tagubilin upang makuha ang iyong *Handbook ng Miyembro*, *Direktoryo ng Provider at Botika*, *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot (Pormularyo)*, at *Listahan ng Matibay na Kagamitang Medikal* (List of Durable Medical Equipment, listahan ng DME) online o para humingi ng mga pisikal na kopya sa Setyembre.

### **Hindi ka magkakaroon ng pansamantalang paghinto sa iyong coverage.**

Awtomatiko kang maipapatala sa Medicare Medi-Cal Plan na iniaalok ng SCFHP DualConnect. Wala kang kailangang gawin kung gusto mong sumali sa planong ito. Kung magpasya kang magpalit ng plano, basahin ang iyong mga opsyon sa ibaba.

Dapat mo ring basahin ang *Abiso sa Karagdagang Impormasyon (Notice of Additional Information)*. Kasama ito sa liham na ito.

### **Kung mayroon kang mga tanong, maaari kang makipag-ugnayan sa SCFHP DualConnect,**

- Tawagan ang Serbisyo para sa Mamimili ng SCFHP DualConnect sa 1-877-723-4795 (TTY: 711), 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.
- Tumawag sa 1-877-723-4795(TTY: 711)Pumunta sa [www.scfhp.com/dualconnect](http://www.scfhp.com/dualconnect)

Sa dulo ng liham na ito, sasabihin namin sa iyo kung kanino ka dapat makipag-ugnayan para sa mga tanong tungkol sa Medicare o Medi-Cal.

## **Mayroon ba akong mga pagpipilian para sa coverage?**

Oo. Mayroon kang limang opsiyon para sa coverage. Kung gusto mong makipag-usap sa isang tao tungkol sa iyong mga opsiyon, basahin ang listahan ng mga numero ng telepono sa tsart sa dulo ng liham na ito. Narito ang iyong limang opsiyon:

### **Opsiyon 1: Ipagpatuloy ang SCFHP DualConnect.**

Awtomatiko kang maipapatala sa Medicare Medi-Cal Plan na iniaalok ng SCFHP DualConnect. Ang plano ng Medicare Medi-Cal na ito ay magsisimula sa Enero 1, 2023. Wala kang kailangang gawin.

Ang Medicare Medi-Cal Plan ay:

- Sasaklawin ang lahat ng iyong Medicare, kabilang ang Medicare Part D, at maraming benepisyo ng Medi-Cal, gaya ng mga inireresetang gamot
- Maaaring mag-alok ng karagdagang coverage gaya ng para sa paningin, pandinig, o ngipin
- Mayroong network ng mga doktor at iba pang provider na magbibigay sa iyo ng pangangalaga

### **Opsiyon 2: Sumali sa ibang planong pangkalusugan na pinagsasama ang iyong coverage sa Medicare at Medi-Cal.**

Pumili mula sa listahan ng mga plano sa iyong county na pinagsasama ang Medicare at Medi-Cal. Kasama sa liham na ito ang listahan. Maaari kang tumawag sa iba pang plano para sa higit pang impormasyon at maaari kang direktang tumawag sa plano kung saan mo pipiliing magpatala.

Ang mga Medicare Medi-Cal Plan sa listahan ay:

- Sasaklawin ang lahat ng iyong Medicare, kabilang ang Medicare Part D, at maraming benepisyo ng Medi-Cal, gaya ng mga inireresetang gamot
- Maaaring mag-alok ng karagdagang coverage gaya ng para sa paningin, pandinig, o ngipin
- Mayroong network ng mga doktor at iba pang provider kung kanino ka maaaring magpatingin para makatanggap ng pangangalaga

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga Medicare Medi-Cal Plan sa iyong county, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) (TTY: 1-877-486-2048), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo at magtanong tungkol sa mga plano sa espesyal na pangangailangan para sa mga kwalipikado sa dalawang programa (dual eligible special needs plans, D-SNP). O pumunta sa [www.Medicare.gov](http://www.Medicare.gov).

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga Medi-Cal Plan sa iyong county, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O pumunta sa Health Care Options sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

### **Opsiyon 3: Sumali sa planong pangkalusugan ng Medicare Advantage.**

Ang mga plano ng Medicare Advantage ay:

- Sinasaklaw ang lahat ng serbisyong saklaw ng Orihinal na Medicare
- Maaaring mag-alok ng karagdagang coverage gaya ng para sa paningin, pandinig, o ngipin
- Maaaring **hindi** makipagtulungan sa iyong plano sa Medi-Cal

**Tandaan:** Kung magpasya kang sumali sa plano ng Medicare Advantage:

- Maaaring magbago ang iyong plano ng Medi-Cal.
- Kung ang plano ng Medicare Advantage ay hindi rin nag-aalok ng plano ng Medi-Cal, maaari kang magpatala sa anumang plano ng Medi-Cal sa iyong county.
- Kung ang plano ng Medicare Advantage ay may katugmang planong Medi-Cal sa iyong county, ipapatala ka sa plano ng Medi-Cal na iyon.

Upang sumali sa plano ng Medicare Advantage, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) (TTY: 1-877-486-2048), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. O pumunta sa [www.Medicare.gov](http://www.Medicare.gov).

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga Medi-Cal Plan sa iyong county, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O pumunta sa Health Care Options sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

### **Opsiyon 4: Maaari kang lumipat sa Orihinal na Medicare (paminsan-minsang tinatawag na Fee-For-Service).**

- Pinamamahalaan ng pederal na pamahalaan ang Orihinal na Medicare (paminsan-minsang tinatawag na Fee-For-Service na coverage).
- Kung pipiliin mo ang Orihinal na Medicare at hindi ka pipili ng Part D na plano sa inireresetang gamot bago lumipas ang Disyembre 31, ipapatala ka ng Medicare sa hiwalay na Part D na plano sa inireresetang gamot. Padadalhan ka nila ng liham na nagsasabi sa iyo ng pangalan ng iyong bagong plano sa gamot.
- Kung pipiliin mo ang Orihinal na Medicare, ang iyong plano sa Medi-Cal ay magiging SCFHP Cal MediConnect Plan.
- Maaari mo ring baguhin ang iyong plano sa Medi-Cal.

Para lumipat sa Orihinal na Medicare, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) (TTY: 1-877-486-2048), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o bumisita sa [www.Medicare.gov](http://www.Medicare.gov).

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga Medi-Cal Plan sa iyong county, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077), Lunes – Biyernes,

8 a.m. hanggang 6 p.m. O pumunta sa Health Care Options sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

**Opsiyon 5: Kung kwalipikado ka, maaari kang sumali sa Programa ng Lahat-lahat na Pangangalaga para sa Matatanda (Program of All-Inclusive Care for the Elderly, PACE).**

Sasaklawin ng PACE ang iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal, kabilang ang mga inireresetang gamot. Isasaayos nito ang iyong pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa bahay, transportasyon, at pangangalaga sa ngipin. Nag-aalok din ang PACE ng mga social center at mga para sa matatanda. Kung pipiliin mong sumali sa plano ng PACE, magbabago ang iyong Medi-Cal Plan at Medicare Advantage Plan, at maaaring magbago ang iyong mga provider.

Para malaman kung available ang PACE sa iyong county o para matuto pa tungkol sa PACE, pumunta sa [www.CalPACE.org](http://www.CalPACE.org). O tumawag sa Health Care Options, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077). O pumunta sa Health Care Options sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

Mula **Oktubre 15** hanggang **Disyembre 7**, maaari mong palitan ang iyong plano sa Medicare o piliin ang Orihinal na Medicare para sa coverage na magsisimula sa Enero 1, 2023. Maaari kang pumili ng coverage ng Medicare sa inireresetang gamot para sa susunod na taon.

Mayroon kang hanggang **Marso 31, 2023**, 3 buwan pagkatapos magsimula ng iyong coverage sa SCFHP DualConnect upang makapili ng ibang pagpipilian sa Medicare. Dahil mayroon kang Medi-Cal, maaari kang magkaroon ng iba pang pagkakataon na sumali sa ibang plano sa kalusugan o iniresetang gamot ng Medicare. Kung sasali ka sa bagong plano ng Medicare pagkalipas ng **Disyembre 31, 2022**, hindi magsisimula ang iyong coverage sa bagong plano hanggang sa buwan pagkatapos mong piliin ang bagong plano ng Medicare.

Maaari mo ring piliin ang Orihinal na Medicare at sumali sa hiwalay na plano ng inireresetang gamot ng Medicare.

Dahil mayroon kang Medi-Cal, maaari mo ring baguhin kung paano ka makakakuha ng Medicare isang beses sa bawat isa sa mga panahong ito:

- Enero – Marso
- Abril – Hunyo
- Hulyo – Setyembre

Maaaring may iba pang sitwasyon kung saan kwalipikado kang gumawa ng pagbabago sa iyong pagpapatala.

Kung gusto mong matuto pa o gumawa ng pagbabago, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) (TTY: 1-877-486-2048), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o bisitahin ang [www.Medicare.gov](http://www.Medicare.gov).

**May mga tanong?**

Maghanap ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa iyong mga tanong sa susunod na pahina.

Salamat sa pagiging miyembro ng SCFHP. Ikinalulugod naming ipinagkakatiwala mo sa amin ang iyong pangangalagang pangkalusugan.

SAMPLE

## Kanino ako makikipag-ugnayan para sa mga tanong?

Kung gusto mong:	Makipag-ugnayan sa:
Magtanong tungkol sa iyong mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal na ibinibigay ng SCFHP Cal MediConnect Plan	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tawagan ang Serbisyo para sa Mamimili ng SCFHP Cal MediConnect Plan sa 1-877-723-4795, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m.</li> <li>• Tumawag sa 1-877-723-4795 (TTY: 711)</li> <li>• Pumunta sa <a href="http://www.scfhp.com">www.scfhp.com</a></li> </ul>
Itanong kung nasa network ng bagong planong pangkalusugan ang iyong mga doktor	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tawagan ang Serbisyo para sa Mamimili ng SCFHP DualConnect sa 1-877-723-4795, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.</li> <li>• Tumawag sa 1-877-723-4795 (TTY: 711)</li> <li>• Pumunta sa <a href="http://www.scfhp.com/dualconnect">www.scfhp.com/dualconnect</a></li> </ul>
Magtanong tungkol sa Medicare	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) (TTY: 1-877-486-2048)</li> </ul>
Makipag-usap sa isang tagapayo sa insurance sa kalusugan nang libre tungkol sa mga pagbabagong ito at sa iyong mga opsyon	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tumawag sa Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan ng California (California Health Insurance Counseling &amp; Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222</li> <li>• TTY: 711</li> <li>• Tawagan ang Medicare Medi-Cal Ombudsman Program (kilala rin bilang Cal MediConnect Ombudsman) sa 1-855-501-3077. Ang plano ng Cal MediConnect ay isa pang pangalan para sa iyong plano: Ang Ombudsman ay tumutulong sa mga reklamo, karainan, at alalahanin nang libre. Hindi siya bahagi ng iyong planong pangkalusugan.</li> </ul>

<b>Kung gusto mong:</b>	<b>Makipag-ugnayan sa:</b>
<p>Magtanong tungkol sa Medi-Cal o sa iyong mga pagpipilian sa plano ng Medi-Cal</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• SCFHP sa 1-877-723-4795 (TTY: 711), Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m.</li> <li>• Tawagan ang Health Care Options 1-844-580-7272 (TTY:1-800-430-7077)</li> <li>• Tawagan ang Linya para sa Tulong ng Medi-Cal sa 1-800-541-5555, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pambansang holiday, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.</li> <li>• Tawagan ang Tanggapan ng Ombudsman ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) sa 1-888-452-8609 (TTY: 711) Lunes – Biyernes, maliban sa mga holiday ng estado, 8:00 a.m. at 5:00 p.m.</li> </ul>
<p>Humingi ng tulong sa mga problema at reklamo sa planong pangkalusugan</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tawagan ang Serbisyo para sa Mamimili ng SCFHP Cal MediConnect Plan sa 1-877-723-4795, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m.</li> <li>• Tumawag sa 1-877-723-4795 (TTY: 711)</li> <li>• Pumunta sa <a href="http://www.scfhp.com">www.scfhp.com</a></li> <li>• Tawagan ang Medicare Medi-Cal Ombudsman Program (kilala rin bilang Cal MediConnect Ombudsman) sa 1-855-501-3077 (TTY: 1-855-847-7914)</li> <li>• Tawagan ang Health Consumer Alliance sa 1-888-804-3536 o pumunta sa <a href="http://www.healthconsumer.org">www.healthconsumer.org</a>.</li> </ul>



Kung gusto mong:	Makipag-ugnayan sa:
<p>Matuto nang higit pa tungkol sa aking mga opsyon sa plano sa Medicare at Medi-Cal.</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kasama sa liham na ito ang listahan ng mga tumutugmang Medicare Medi-Cal Plan na makukuha sa iyong county.</li> <li>• Bisitahin ang <a href="http://Medicare.gov">Medicare.gov</a> o sumangguni sa iyong handbook na Ang Medicare at Ikaw (Medicare &amp; You) para sa listahan ng lahat ng plano sa kalusugan at inireresetang gamot ng Medicare sa iyong lugar.</li> <li>• Pumunta sa <a href="http://MyCareMyChoice.org">MyCareMyChoice.org</a> upang ipaghambing ang iba't ibang opsyon sa Medicare. Ito ay isang tool para lamang sa mga taong may Medicare at Medi-Cal.</li> </ul>

Makukuha mo nang libre ang impormasyong ito sa iba pang format, tulad ng malalaking print, braille, o audio. Tumawag sa 1-877-723-4795 (TTY: 711). Libre ang pagtawag.

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Ingles, magagamit mo ang mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-877-723-4795 (TTY: 711).

---

Ang Santa Clara Family Health Plan Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang maibigay ang mga benepisyo ng parehong programa sa mga nagpatala.

## Abiso sa Karagdagang Impormasyon

### 1. Paano nagbabago ang aking planong pangkalusugan?

Sa Enero 1, 2023, ang iyong kasalukuyang planong pangkalusugan ng Cal MediConnect ay mapapalitan ng bagong plano. Tatawaging **Medicare Medi-Cal Plan** (“Medi-Medi Plan”) ang bagong plano. Sasaklawin nito ang **pareho** sa iyong mga benepisyo sa Medicare **at** mga benepisyo sa Medi-Cal. Ang iyong bagong plano ay manggagaling sa parehong kompanya na katulad ng sa plano na mayroon ka ngayon. Isasaayos ng iyong bagong Medicare Medi-Cal Plan ang pangangalaga sa mga taong may **parehong** Medicare at Medi-Cal.

Isasaayos ng iyong bagong plano ang mga serbisyong nakukuha mo ngayon o maaaring kailanganin mo. Kabilang dito ang:

- Lahat ng nasasaklaw na serbisyo ng Medicare, kabilang ang mga doktor, ospital, laboratoryo, at x-ray
- Magkakaroon ka ng access sa network ng provider na kinabibilangan ng marami sa mga provider na katulad ng sa iyong kasalukuyang plano
- Mga inireresetang gamot na saklaw ng Medicare
- Pagsasaayos ng mga serbisyong nakukuha mo ngayon o na maaaring kailanganin mo
- Transportasyon patungo sa mga serbisyong medikal
- Mga Serbisyong Nasa Komunidad para sa Mga Nasa Hustong Gulang (Community-Based Adult Services, CBAS)
- Mga medikal na supply
- Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment, DME)
- Mga benepisyo sa paningin, ngipin, at pandinig
- Pangangalaga sa nursing home

**Wala kang kailangang gawin para makasali sa iyong bagong plano.** Makukuha mo ang lahat ng iyong serbisyo sa pamamagitan ng iyong kasalukuyang plano sa Cal MediConnect hanggang Disyembre 31, 2022. Magsisimula ang iyong bagong Medicare Medi-Cal Plan sa **Enero 1, 2023**.

### 2. Paano ko makukuha ang aking mga inireresetang gamot?

Makukuha mo ang karamihan sa iyong mga reseta at gamot sa paraang ginagawa mo ngayon. Sasaklawin pa rin ng Medicare ang karamihan sa mga benepisyo at serbisyo sa reseta at gamot. Isasaayos ng iyong bagong Medicare Medi-Cal Plan ang coverage na ito.

Maaaring saklawin ng Medi-Cal Rx ang ilang reseta at gamot. Tutulungan ka ng iyong bagong Medicare Medi-Cal Plan na makuha ang mga ito sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa iyong coverage sa inireresetang gamot, tawagan ang planong pangkalusugan na mayroon ka ngayon.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa coverage ng Medi-Cal Rx sa inireresetang gamot at mga botika na tumatanggap ng Medi-Cal:

- Pumunta sa [www.medi-calrx.dhcs.ca.gov](http://www.medi-calrx.dhcs.ca.gov)
- O tawagan ang Sentro ng Serbisyo para sa Mamimili ng Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY: 711)

Ihanda ang numero ng iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal kapag tatawag ka.

### 3. Ano ang Medicare Medi-Cal Plan?

Ang Medicare Medi-Cal Plan ay uri ng plano ng Medicare Advantage. Ito ay para sa mga taong mayroong **parehong** Medicare at Medi-Cal. Ito ay isang boluntaryong programa. Pinagsasama nito ang iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal at mga benepisyo sa inireresetang gamot ng Medicare sa **isang** plano. Nangangahulugan ito na mayroon kang:

- Isang team ng pangangalaga na magsasaayos ng pangangalaga.
- Isang hanay ng mga benepisyo, doktor, ospital, pagsusuri sa laboratoryo, x-ray, at ilang kagamitang medikal. Isasama sa iyong bagong plano ang karamihan sa mga doktor na mayroon ka ngayon o tutulong ito sa iyo na makahanap ng bagong doktor na gusto mo.
- Isang planong pangkalusugan na magsasaayos ng paghahatid ng mga serbisyo, kabilang ang mga medikal na supply, transportasyon, at mga pangmatagalang serbisyo at suporta.
- Maaari ka ring makakuha ng mga karagdagang benepisyo tulad ng coverage sa ngipin, pandinig, o paningin, bilang karagdagan sa kung ano ang sinasaklaw ng Medi-Cal.

### 4. Ano ang **hindi** magbabago kapag nagsimula ang aking bagong plano?

- Hindi magbabago ang iyong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan na mayroon ka ngayon, tulad ng mga doktor, ospital, laboratoryo, at x-ray.
- Ang iyong network ng provider (grupo) kasama ang karamihan sa parehong mga provider.
- Ang iyong iba pang pangangalagang medikal kung pupunta ka sa provider sa network ng iyong plano.

## **5. Maaari ko bang panatilihin ang aking mga doktor sa aking bagong plano?**

Magkakaroon ang iyong planong pangkalusugan ng karamihan sa parehong mga provider na mayroon ka ngayon. Upang malaman kung nasa network ng bagong plano ang iyong mga provider, maaari mong tawagan ang iyong kasalukuyang planong pangkalusugan.

Isasaayos ng iyong bagong Medicare Medi-Cal Plan ang iyong mga provider. Kung mayroon kang provider na wala sa network, maaari mong panatilihin ang provider na iyon nang hanggang 12 buwan. Tutulongan ka rin ng planong pangkalusugan na makahanap ng mga provider sa network na gusto mo at nakakatugon sa iyong mga pangangailangan.

Tandaan, lilipat ang iyong planong pangkalusugan sa plano ng Medicare Medi-Cal na kapareho ng kompanya ng plano na mayroon ka ngayon. Wala kang kailangang gawin. Hindi ka maaaring manatili sa iyong plano sa Cal MediConnect. Magtatapos ang mga plano sa Cal MediConnect sa California sa Enero 1, 2023.

## **6. Magkakaroon ba ng pansamantalang paghinto sa aking coverage?**

Hindi. Hindi ka magkakaroon ng pansamantalang paghinto sa iyong coverage. Magsisimula ang iyong Medicare Medi-Cal Plan kapag natapos na ang plano na mayroon ka na ngayon. Kung gusto mong lumipat sa ibang plano, basahin ang Ika-8 Tanong.

## **7. Gusto ko ang kasalukuyang plano ko. Ano ang gagawin ko para manatili sa parehong plano?**

Wala kang kailangang gawin. Magsisimula ang iyong Medicare Medi-Cal Plan sa Enero 1, 2023.

Makukuha mo ang mga parehong benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Magkakaroon ang network ng iyong provider ng marami sa mga provider na katulad ng sa iyong plano sa Cal MediConnect.

Magkakaroon ang Medicare Medi-Cal Plan ng tagapag-ugnay ng pangangalaga upang tulungan kang pamahalaan ang iyong mga provider at serbisyo. Magsasaayos sila ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta, at iba pang serbisyo tulad ng transportasyon.

## **8. Mayroon ba akong mga pagpipilian para sa coverage?**

Oo. Mayroon kang limang opsiyon para sa coverage. Kung gusto mong makipag-usap sa isang tao tungkol sa iyong mga opsiyon, basahin ang listahan ng mga numero ng telepono sa Ika-9 na Tanong. Narito ang iyong mga pagpipilian:

**Opsiyon 1: Panatilihing nakalista ang Medicare Medi-Cal Plan sa liham na natanggap mo.**

Magsisimula ang Medicare Medi-Cal Plan na ito sa Enero 1, 2023. Wala kang kailangang gawin.

Ang Medicare Medi-Cal Plan ay:

- Sasaklawin ang lahat ng iyong benepisyo sa Medicare, kabilang ang mga inireresetang gamot, at maraming benepisyo ng Medi-Cal
- Maaaring mag-alok ng karagdagang coverage tulad ng para paningin, pandinig, o ngipin bilang karagdagan sa kung ano ang saklaw ng Medi-Cal
- Mayroong network ng mga doktor at iba pang provider na magbibigay sa iyo ng pangangalaga

**Opsiyon 2: Sumali sa ibang planong pangkalusugan na pinagsasama ang iyong coverage sa Medicare at Medi-Cal.**

Pumili mula sa listahan ng mga plano sa iyong county na pinagsasama ang Medicare at Medi-Cal. Kasama sa liham na ito ang listahan. Maaari kang tumawag sa iba pang plano para sa higit pang impormasyon at maaari kang direktang tumawag sa plano kung saan mo pipiliing magpatala.

Ang mga Medicare Medi-Cal Plan sa listahan ay:

- Sasaklawin ang lahat ng iyong Medicare, kabilang ang Medicare Part D, at marami sa mga benepisyo ng MediCal, gaya ng mga inireresetang gamot
- Maaaring mag-alok ng karagdagang coverage gaya ng para sa paningin, pandinig, o ngipin
- Mayroong network ng mga doktor at iba pang provider kung kanino ka maaaring magpatingin para makatanggap ng pangangalaga

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga Medicare Medi-Cal Plan sa iyong county, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) (TTY: 1-877-486-2048), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo at magtanong tungkol sa mga plano sa espesyal na pangangailangan para sa mga kwalipikado sa dalawang programa (dual eligible special needs plans, D-SNP). O pumunta sa [www.Medicare.gov](http://www.Medicare.gov).

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga Medi-Cal Plan sa iyong county, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O pumunta sa Health Care Options sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

### **Opsiyon 3: Sumali sa planong pangkalusugan ng Medicare Advantage.**

Ang mga plano ng Medicare Advantage ay:

- Sinasaklaw ang lahat ng serbisyong saklaw ng Orihinal na Medicare
- Maaaring mag-alok ng karagdagang coverage gaya ng para sa paningin, pandinig, o ngipin
- Maaaring **hindi** makipagtulungan sa iyong plano sa Medi-Cal

**Tandaan**, kung magpasya kang pumili ng plano ng Medicare Advantage:

- Maaaring magbago ang iyong plano sa Medi-Cal.
- Kung ang plano ng Medicare Advantage ay hindi rin nag-aalok ng plano ng Medi-Cal, maaari kang magpatala sa anumang plano ng Medi-Cal sa iyong county.
- Kung ang plano ng Medicare Advantage ay may katugmang planong Medi-Cal sa iyong county, ipapatala ka sa plano ng Medi-Cal na iyon.

Upang sumali sa plano ng Medicare Advantage, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) (TTY: 1-877-486-2048), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. O pumunta sa [www.Medicare.gov](http://www.Medicare.gov).

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga Medi-Cal Plan sa iyong county, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O pumunta sa Health Care Options sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

### **Opsiyon 4: Maaari kang lumipat sa Orihinal na Medicare (paminsan-minsang tinatawag na Fee-For-Service na coverage).**

- Ang pederal na pamahalaan ang namamahala sa Original Medicare.
- Kung pipiliin mo ang Orihinal na Medicare at hindi ka pipili ng Part D na plano sa inireresetang gamot bago lumipas ang Disyembre 31, 2022, ipapatala ka ng Medicare sa hiwalay na Part D na plano ng inireresetang gamot. Padadalhan ka nila ng liham na naglalaman ng pangalan ng iyong bagong plano sa gamot.
- Kung pipiliin mo ang Orihinal na Medicare, mananatiling pareho ang iyong plano sa Medi-Cal.
- Maaari mo ring baguhin ang iyong plano sa Medi-Cal.

Para lumipat sa Orihinal na Medicare, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) (TTY: 1-877-486-2048), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o bisitahin ang [www.Medicare.gov](http://www.Medicare.gov).

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga Medi-Cal Plan sa iyong county, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077), Lunes –

Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O pumunta sa Health Care Options sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

**Opsiyon 5: Kung kwalipikado ka, maaari kang sumali sa Programa ng Lahat-lahat na Pangangalaga para sa Matatanda (Program of All-Inclusive Care for the Elderly, PACE).**

Sasaklawin ng PACE ang iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal, kabilang ang mga inireresetang gamot. Isasaayos nito ang iyong pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa bahay, transportasyon, at pangangalaga sa ngipin. Nag-aalok din ang PACE ng mga social center at mga para sa matatanda. Kung pipiliin mong sumali sa plano ng PACE, magbabago ang iyong Medi-Cal Plan at Medicare Advantage Plan, at maaaring magbago ang iyong mga provider.

Para malaman kung available ang PACE sa iyong county o para matuto pa tungkol sa PACE, pumunta sa [www.CalPACE.org](http://www.CalPACE.org). O tumawag sa Health Care Options, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077). O pumunta sa Health Care Options sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

**9. May mga tanong?**

**Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal:**

- Tawagan ang iyong plano sa [Cal MediConnect](#).

**Kung gusto mong malaman kung ang iyong mga doktor ay nasa iyong bagong Medicare Medi-Cal Plan:**

- Tawagan ang iyong plano sa [Cal MediConnect](#).

**Kung mayroon kang tanong tungkol sa Medicare:**

- Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. O pumunta sa [www.Medicare.gov](http://www.Medicare.gov) (TTY: 1-877-486-2048).

**Kung gusto mong makipag-usap sa isang tagapayo sa insurance sa kalusugan nang libre tungkol sa mga pagbabagong ito at sa iyong mga pagpipilian:**

- Tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan ng California (California Health Insurance Counseling & Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222 (TTY: 711).

- Tawagan ang Medicare Medi-Cal Ombudsman Program (tinatawag ding Cal MediConnect Ombudsman) sa 1-855-501-3077. Ang Ombudsman ay tumutulong sa mga reklamo, karaingan, at alalahanin nang libre. Hindi siya bahagi ng iyong planong pangkalusugan.

**Kung mayroon kang tanong tungkol sa Medi-Cal o iyong mga pagpipilian sa plano ng Medi-Cal:**

- Tawagan ang iyong kasalukuyang plano sa Cal MediConnect.
- Tawagan ang Health Care Options sa 1-844-580-7272 (TTY: 1-800-430-7077).
- Tawagan ang Linya para sa Tulong ng Medi-Cal sa 1-800-541-5555, Lunes – Biyernes, maliban sa mga pambansang holiday, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
- Tawagan ang Tanggapan ng Ombudsman ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) sa 1-888-452-8609 (TTY: 711) Lunes – Biyernes, maliban sa mga holiday ng estado, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

**Kung kailangan mo ng tulong sa mga problema sa planong pangkalusugan o may mga reklamo ka:**

- Tawagan ang iyong kasalukuyang plano sa Cal MediConnect.
- Tawagan ang Medicare Medi-Cal Ombudsman Program (tinatawag ding Cal MediConnect Ombudsman) sa 1-855-501-3077. Ang Ombudsman ay tumutulong sa mga reklamo, karaingan, at alalahanin nang libre. Hindi siya bahagi ng iyong planong pangkalusugan.
- Tawagan ang Health Consumer Alliance 1-888-804-3536. O pumunta sa [www.healthconsumer.org](http://www.healthconsumer.org).

**Kung gusto mong matuto nang higit pa tungkol sa iyong mga pagpipilian sa Medicare:**

- Basahin ang listahan upang makahanap ng katugmang mga plano ng Medicare Medi-Cal sa iyong county. Kasama sa liham na ito ang listahan.
- Pumunta sa [Medicare.gov](http://Medicare.gov).
- Basahin ang listahan ng lahat ng plano sa kalusugan at inireresetang gamot ng Medicare sa iyong lugar sa iyong handbook na “Medicare & You”.
- Paghambingin ang iyong mga pagpipilian sa Medicare para sa mga taong may parehong Medicare at Medi-Cal sa [www.MyCareMyChoice.org](http://www.MyCareMyChoice.org).





**Mga Medicare Medi-Cal Plan sa Santa Clara County simula Enero 1, 2023**

Ibinibigay ng mga plano sa ibaba ang iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal. Makikipagtulungan ang mga ito sa katugmang plano ng Medi-Cal upang ibigay at isaayos ang iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal sa **isang** plano.

Upang magpatala sa **Medicare Medi-Cal Plan**, tawagan ang plano gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibaba.

Upang pumili ng bagong planong pangkalusugan ng **Medicare** o Orihinal na Medicare, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) (TTY: 1-877-486-2048). Tumawag 24/7. O pumunta sa [www.Medicare.gov](http://www.Medicare.gov).

<b>Medicare Medi-Cal Plan:</b>	<b>Makipag-ugnayan sa:</b>
<b>Anthem MediBlue Full Dual Advantage (HMO D-SNP)</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Anthem MediBlue Full Dual Advantage sa <b>1-833-707-3129 (TTY: 711)</b>, 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong (7) araw sa isang linggo (maliban sa Araw ng Pasasalamat (Thanksgiving) at Pasko) mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, at Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga holiday) mula Abril 1 hanggang Setyembre 30</li> <li>• Pumunta sa <a href="http://shop.anthem.com/medicare/ca">shop.anthem.com/medicare/ca</a></li> </ul>
<b>Kaiser Permanente Senior Advantage Medicare Medi-Cal Santa Clara (HMO D-SNP)</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente Senior Advantage Medicare Medi-Cal Santa Clara sa <b>1-800-443-0815 (TTY: 711)</b>, 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong (7) araw sa isang linggo</li> <li>• Pumunta sa <a href="http://kp.org/medicare">kp.org/medicare</a></li> </ul>
<b>Santa Clara Family Health Plan DualConnect (HMO D-SNP)</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Santa Clara Family Health Plan DualConnect sa <b>1-877-723-4795 (TTY: 711)</b>, 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong (7) araw sa isang linggo</li> <li>• Pumunta sa <a href="http://www.scfhp.com/dualconnect">www.scfhp.com/dualconnect</a></li> </ul>

**Maaari kang maging kwalipikado na magpatala sa Programa ng Lahat-lahat na Pangangalaga para sa Matatanda (Program of All-Inclusive Care for the Elderly,**

**PACE) sa halip na sa plano ng Medicare Medi-Cal, plano ng Medicare, o Orihinal na Medicare.**

Maaari kang maging kwalipikado na sumali sa plano ng PACE sa iyong lugar kung ikaw ay 55 taong gulang pataas at nangangailangan ng mas mataas na antas ng pangangalaga upang manirahan sa bahay. Isasaayos ng PACE ang iyong pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa bahay, transportasyon, at pangangalaga sa ngipin. Nag-aalok din ang PACE ng mga social center at gym para sa matatanda. Kung pipiliin mong sumali sa plano ng PACE, hindi ka na ipapatala sa iyong Medi-Cal Managed Care Plan at Medicare Advantage Plan.

Para malaman kung available ang PACE sa iyong county o para matuto pa tungkol sa PACE, pumunta sa [www.CalPACE.org](http://www.CalPACE.org). O tumawag sa Health Care Options, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. sa 1-800-430-4263 (TTY : 1-800-430-7077).

**Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa iyong mga pagpipilian para sa pagkuha ng mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal**

Basahin ang liham na kasama nitong insert. O kaya, tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan ng California (California Health Insurance Counseling & Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222 (TTY: 711), Lunes Biyernes, 9 a.m. hanggang 4 p.m., maliban sa mga holiday. Sasagutin ng mga tagapayo ang iyong mga tanong, tatalakayin ang iyong mga pangangailangan, at ipapaliwanag ang iyong mga pagpipilian. Lahat ng pagpapayo ay libre.

**Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa mga Medi-Cal Managed Care Plan**

Pumunta sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov). O tawagan ang Health Care Options sa 1-844-580-7272 (TTY: 1-800-430-7077), 8 a.m. hanggang 6 p.m., Lunes – Biyernes.

**Makakakuha ka ng tulong sa mga problema at reklamo sa planong pangkalusugan**

Tawagan ang Medicare Medi-Cal Ombudsman Program (tinatawag ding Cal MediConnect Ombudsman) sa 1-855-501-3077

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang Santa Clara Family Health Plan DualConnect (HMO D-SNP) (SCFHP DualConnect) sa mga batas sa mga karapatang sibil ng Estado at Pederal na pamahalaan. Ang SCFHP DualConnect ay hindi labag sa batas na nandidiskrimina, nagtatangi ng mga tao, o nagtatrato sa kanila nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan ng kasal, gender, pagkakakilanlan ng gender, o sekswal na oryentasyon.

Nagbibigay ang SCFHP DualConnect ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang matulungan silang makipag-usap nang mas madali, tulad ng:
  - Mga kwalipikadong sign language interpreter
  - Mga nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing ginagamit na wika, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa SCFHP DualConnect mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-723-4795. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa 711. Kapag hiniling, maaaring gawing available para sa iyo ang dokumentong ito sa braille, malalaking titik, audiocassette, o elektronikong anyo. Para makakuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa:

**Santa Clara Family Health Plan  
PO Box 18880  
San Jose, CA 95158  
1-877-723-4795 (TTY: 711)**

---

## **PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN**

Kung naniniwala kang nabigo ang SCFHP DualConnect na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas itong nandidiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan ng kasal, gender, pagkakakilanlan ng gender, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa SCFHP DualConnect. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, pagpunta nang personal, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa SCFHP DualConnect mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-723-4795. O kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa 711.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:

**Attn: Grievance and Appeals Department  
Santa Clara Family Health Plan  
6201 San Ignacio Ave  
San Jose, CA 95119**

- Sa personal: Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o SCFHP DualConnect at sabihing gusto mong maghain ng karaingan.
  - Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng SCFHP DualConnect sa [www.scfhp.com/dualconnect](http://www.scfhp.com/dualconnect).
- 

## **TANGGAPAN PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA**

Maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa 916-440-7370. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa 711 (Telecommunications Relay Service).
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

**Deputy Director, Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413**

Available ang mga form ng reklamo sa [http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).

- Sa elektronikong paraan: Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).
- 

## **TANGGAPAN PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO NG U.S.**

Kung naniniwala kang ikaw ay nadiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng U.S. sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa TTY/TDD 1-800-537-7697.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

**U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201**

Makakakuha ng mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang Portal para sa Reklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.

English – ATTENTION: If you need help in your language call 1-877-723-4795 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-877-723-4795 (TTY: 711). These services are free of charge.

Mensaje en español (Spanish) – ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-877-723-4795 (TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-877-723-4795 (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese) – CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-877-723-4795 (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-877-723-4795 (TTY: 711). Các dịch vụ này đều miễn phí.

简体中文标语 (Chinese) – 请注意: 如果您需要以您的母语提供帮助, 请致电 1-877-723-4795 (TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务, 例如文盲和需要较大字体阅读, 也是方便取用的。请致电 1-877-723-4795 (TTY: 711)。这些服务都是免费的。

Tagalog – ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-877-723-4795 (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-877-723-4795 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyo ng ito.

**الشعار بالعربية (Arabic)**

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-877-723-4795 (TTY: 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة برايل والخط الكبير. اتصل بـ 1-877-723-4795 (TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian) – ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-877-723-4795 (TTY: 711) : Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված կյութեր: Չանզահարեք 1-877-723-4795 (TTY: 711) : Այդ ծառայություններն անվճար են:

ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian) – ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-877-723-4795 (TTY: 711)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរផុស សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពផ្គុំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-877-723-4795 (TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

**(Farsi)مطلب به زبان فارسی**

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با 1-877-723-4795 (TTY: 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-877-723-4795 (TTY: 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी टैगलाइन (Hindi) – ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-877-723-4795 (TTY: 711) (पर कॉल करें)। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-877-723-4795 (TTY: 711) (पर कॉल करें)। ये सेवाएं नि:शुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong) – CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-877-723-4795 (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-877-723-4795 (TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese) – 注意日本語での対応が必要な場合は 1-877-723-4795 (TTY: 711) へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。1-877-723-4795 (TTY: 711) へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean) – 유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-877-723-4795 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-877-723-4795 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian) – ບະກາດ : ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-877-723-4795 (TTY: 711) . ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-877-723-4795 (TTY: 711) . ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien – LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-877-723-4795 (TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzungc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-877-723-4795 (TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi) – ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-877-723-4795 (TTY: 711). ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਦੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-877-723-4795 (TTY: 711). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский слоган (Russian) – ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-877-723-4795 (линия ТTY: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-877-723-4795 (линия ТTY:711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai) – โปรดทราบ :หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-877-723-4795 (TTY: 711) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-877-723-4795 (TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian) – УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-877-723-4795 (TTY: 711) . Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-877-723-4795 (TTY: 711) . Ці послуги безкоштовні.